

Uri ng Pangngalan Ayon sa Konsepto

May dalawang uri ang mga pangngalan (**noun**) ayon sa konsepto: **pangngalang tahas** (o pangngalang kongkreto) at **pangngalang basal** (o pangngalang di-kongkreto). Sa Ingles, ang tawag sa mga pangngalang tahas ay **concrete nouns**. Ang tawag sa mga pangngalang basal ay **abstract nouns**.

Pangngalang Tahas o Kongkreto

Ang mga pangngalang tahas ay mga ngalan ng mga bagay na nakikita, naririnig, nalalasaan, nahahawakan o nahihipo, o naaamoy. Kung nagagamit natin ang isa sa ating **limang pandama (five senses)** sa bagay na itinutukoy ng pangngalan, ang pangngalan ay tahas o kongkreto. Ang limang pandama ay **paningin (sense of sight)**, **pandinig (sense of hearing)**, **pang-amoy (sense of smell)**, **panlasa (sense of taste)**, at **pansalat (sense of touch)**.

Upang malaman kung ang isang pangngalan ay tahas, maaaring sagutan mo ang mga sumusunod na tanong tungkol sa bagay na itinutukoy ng pangngalan:

- Makikita mo ba ito?
- Maririnig mo ba ito?
- Maaamoy mo ba ito?
- Malalasaan mo ba ito?
- Mahahawakan mo ba ito?

Kapag ang sagot mo sa isa sa mga tanong na ito **OO**, malamang ay ito ay pangngalang tahas. Kapag ang sagot mo sa lahat ng tanong ay **HINDI**, ang pangngalan ay pangngalang basal.

Maaari mo rin itanong ito: “Ito ba ay **matter**?” Ang **matter** ay anumang bagay na may **mass** at sumasakop ng espasyo (**anything that has mass and occupies space**). Kung ang bagay ay **matter**, ang pangngalan para dito ay pangngalang tahas. Ang mga pangngalan na tumutukoy sa mga bagay na **solid, liquid, o gas** ay pangngalang tahas.

Halimbawa, ang hangin (**air**) na ating nilalanghap (**inhale**). Ang hangin ay kadalasan hindi natin nakikita, naririnig, naaamoy, nalalasaan, o nararamdaman (maliban kung malakas ang ihip nito), ngunit ito ay **matter**. Ang hangin ay pangngalang tahas.

May mga bagay, tulad ng mga mikrobiyo, na napakaliit na hindi natin ito makikita kung gagamitin natin ang ating mga mata lamang, ngunit ito ay **matter** rin at maaaring makita kung gagamit tayo ng malakas na mikroskopyo (**microscope**). Ang mga pangngalan para sa mga ito ay pangngalang tahas din.

Pangngalang Basal o Di-kongkreto

Ang mga **pangngalang basal o di-kongkreto** ay tumutukoy sa mga bagay na walang pisikal na katangian at hindi natin nagagamit ang alinman sa ating limang pandama para sa mga ito. Ito ang kabaligtaran o kasalungat ng pangngalang tahas. Kahit hindi natin ito nararanasan gamit ang ating mga pandama, naapektuhan pa rin tayo ng mga ito.

Sinasabing ang mga pangngalang basal ay tumutukoy sa mga bagay na nadarama ng damdamin (**felt emotionally**), naiisip (**thought of**), natututuhan (**learned**), nauunawaan (**understood**), napaniniwalaan (**believed**), nagugunita (**remembered**), o napapangarap (**dreamt of**).

Ang mga pangngalang basal ay maaaring tumutukoy sa anuman sa mga sumusunod:

- Mga ideya o konsepto (**ideas or concepts**): kalayaan, katarungan, bilang, panahon, dangal, kultura, prinsipyo
- Mga damdamin (**feelings or emotions**): galit, galak, simpatiya, takot
- Mga proseso (**processes**): paglaki, halalan, kaunlaran, edukasyon, komunikasyon
- Mga kilos (**actions**): pagkukunwari, pag-aalaga, pag-aaral, pag-akyat, paglangoy, pagtatago
- Mga karanasan (**experiences**): paghihirap, paglalakbay, pagtatrabaho
- Mga katangian (**qualities**): kagandahan, kabutihan, katatagan, kakayahan, bigat, haba
- Mga yugto o bahagi ng buhay (**stages of life**): pagbubuntis, panganganak, pagkabata, kamatayan

- Mga pangyayari (**events**): digmaan, kaarawan, bakasyon, pagdiriwang, binyag, sakuna, Pasko, pagtatapos
- Mga paniniwala (**beliefs**): animismo, relihiyon, Katolisismo, Kristiyanismo
- Lagay ng loob (**states of mind**): kalungkutan, katahimikan, kabiguan, pagkabigla
- Lagay/kalagayan o kondisyon (**states of being or condition**): kanser, kapayapaan, karukhaan, kasaganaan, kaligtasan, pagkakaibigan, kaginhawaan
- Mga larangan ng pag-aaral (**fields of study**): matematika, biyolohiya, kemistri, anatomiya, astrolohiya

Lahat ng pangngalan na tumutukoy sa panahon (**time**), paglipas ng panahon (**periods of time**), o kapanahunan (**season**) ay itinuturing mga pangngalang basal. Ang mga sumusunod ay mga halimbawa ng mga pangngalanag basal na may kaugnayan sa panahon:

- Paglipas ng panahon: segundo (**second**), minuto (**minute**), oras (**hour**), araw (**day**), linggo (**week**), buwan (**month**), taon (**year**), dekada (**decade**), milenyo (**millennium**), atbp.
- Kapanahunan (**season**): tagsibol (**spring**) tag-araw/tag-init (**summer**), taglagas (**autumn/fall**), taglamig/tagginaw (**cold season/winter**), tag-ulan (**rainy season**), anihan (**harvest season**), tagtanim (**planting season**)

Ang mga pangngalan na tumutukoy sa mga instrumento na ginagamit para isukat ang paglipas ng panahon o pagsabi ng oras tulad ng orasan (**clock**), relo/relos (**wristwatch**), segundometro (**stopwatch**), at iba pa, ay mga pangngalang tahas.

May mga pangngalan din na maaaring gamitin bilang pangngalang tahas o basal. Upang malaman kung ang pangngalan ay tahas o basal, dapat tingnan ang konteksto (**context**) ng paggamit nito. Halimbawa, tingnan ang paggamit ng pangngalang init (**warmth/hotness**) sa mga susunod na pangungusap:

- (A) Hindi niya natiis ang **init** ng panahon kaya binuksan niya ang *aircon*.
- (B) Palipasin mo muna ang **init** ng ulo mo bago ka mag-desisyon.

Sa pangungusap (A), ang pangngalan na **init** ay tumutukoy sa bagay na, bagaman hindi nakikita, ay nararamdaman ng pandamang pansalat (**sense of touch**). Ang salitang **init** sa pangungusap (A) ay pangngalang tahas.

Sa pangungusap (B), ang pangngalan na **init** ay tumutukoy sa bagay na hindi kongkreto. Ang **init ng ulo** ay tumutukoy sa paggiging magagalitin (**short-tempered or irritable**), isang katangian ng tao. Ang salitang **init** sa pangungusap (B) ay pangngalang basal.

Tingnan ang paggamit ng pangngalang puso (**heart**) sa mga susunod na pangungusap:

- (A) Bumilis ang pintig ng **puso** ni Juan nang makita niya si Maria.
- (B) Ayaw ko siyang kausapin dahil sinaktan niya ang aking **puso**.

Sa pangungusap (A), ang pangngalan na **puso** ay tumutukoy sa organo (**organ**) ng katawan. Ito ay isang bagay na may mga katangiang pisikal. Ang salitang **puso** sa pangungusap (A) ay pangngalang tahas.

Sa pangungusap (B), ang pangngalan na **puso** ay tumutukoy sa damdamin ng tao. Ang ibig sabihin ng **sinaktan niya ang aking puso** sa Ingles ay “he/she broke my heart.” Hindi ito tumutukoy sa aktuwal na pagkasira ng puso ngunit sa pagsakit sa damdamin ng nagsasalita.

May mga pangngalan na tumutukoy sa mga pangyayari tulad ng Pasko (**Christmas**) at digmaan (**war**) na maaaring isipin ng iba na mga pangngalang tahas dahil nakikita at naririnig nila ang mga ito.

Tuwing Pasko, makikita natin ang mga parol, mga *Christmas tree*, iba’t ibang dekorasyon, mga regalo, mga kamag-anak at kaibigan natin, at iba pa. Maririnig natin ang mga awiting Pasko sa radyo at ang tunog ng kampana ng simbahan tuwing simbang-gabi. Maaamoy natin ang sari-saring pagkain na ibinibenta sa bangketa o inihahanda sa mga tahanan para sa Noche Buena.

Ang mga salitang **parol, dekorasyon, regalo, kamag-anak, kaibigan, radyo, kampana, simbahan, pagkain, bangketa, at tahanan** ay mga pangngalang tahas. Ang salitang **Pasko** ay tumutukoy sa isang pagdiriwang o panahon na ipinagdiriwang ng maraming tao. Wala itong pisikal na katangian.

Pangngalang tahas o kongkreto (Concrete Nouns)	Pangngalang basal o di-kongkreto (Abstract Nouns)
kaibigan (friend)	pagkakaibigan (friendship)
orasan (clock)	oras (time)
kalendaryo (calendar)	buwan (month), taon (year)
simbahan (church)	relihiyon (religion)
puso (heart, the organ)	pag-ibig (love)
sanggol (baby)	panganganak (birth)
bata (child)	pagkabata (childhood)
bundok (mountain)	kagandahan (beauty)
sundalo (soldier), baril (gun)	digmaan (war)
kama (bed)	tulog (sleep)
watawat (flag)	kalayaan (freedom)
pulis (police officer)	krimen (crime)
guro (teacher), paaralan (school)	edukasyon (education)
kalan (stove), kawali (frying pan)	pagluluto (cooking, as a noun, not a verb)
bansa (country)	kasaysayan (history)
parol (Christmas lantern)	Pasko (Christmas)
bayani (hero)	kagitingan (heroism)
katawan (body)	kaluluwa (soul)
medalya (medal)	tagumpay (success)
pagkain (food)	gutom (hunger)
aklat (book)	panitikan (literature)
rosas (roses)	romansa (romance)
termometro (thermometer)	temperature (temperature)
pawis (sweat)	pagod (fatigue)
krus (cross)	panalangin (prayer)
karagatan (ocean)	lalim (depth)